**CITY AND COUNTY OF SAN FRANCISCO**

**GENERAL SERVICES AGENCY**
**OFFICE OF LABOR STANDARDS ENFORCEMENT**
**PATRICK MULLIGAN, DIRECTOR**

# Ordinansa ng Pananagutan sa Pangangalagang Pangkalusugan
## Health Care Accountability Ordinance (HCAO)
## ALAMIN ANG INYONG MGA KARAPATAN
Epektibo ng: Hulyo 1, 2026

Ang paunawang ito ay inilaan upang ipaalam sa iyo ang iyong mga karapatan sa ilalim ng Health Care Accountability Ordinance (HCAO). Kinakailangan ng HCAO na ibigay ng iyong employer ang ilang benepisyong pangkalusugan sa iyo. Maaaring sumunod ang iyong employer sa HCAO sa pamamagitan ng pag-aalok sa iyo ng isang planong pangkalusugan na alinsunod sa regulasyon, paggawa ng mga bayad sa Department of Public Health (DPH), o, sa limitadong mga pagkakataon, sa pamamagitan ng paggawa ng mga direktang bayad sa iyo. Hihilingin sa iyo na pirmahan ang dokumentong ito pagkatapos mong suriin ang mga sumusunod na impormasyon. Mangyaring pirmahan lamang pagkatapos mong lubusang mabasa at maunawaan ang iyong mga karapatan.

**ANG MGA BAHAGI NG HCAO**

**I.** Kung naninirahan kayo sa San Francisco (kahit saan man kayo nagtatrabaho) o kung nagtatrabaho sa San Francisco, sa San Francisco International Airport, o sa San Bruno Jail, ang inyong employer ay dapat:

A. Mag-alok ng pagsakop ng pangkalusugan na tumutugon sa Pinakamaliit na mga Pamantayan (Minimum Standards) na nagsisimula sa unang araw ng buwan kasunod ng 30 araw ng pagkatapos ng inyong unang araw ng trabaho*; **O**

B. Para sa bawat buwan na kung saan kayo ay may katamtaman na kahit na 20 oras ng trabaho kada linggo, bayaran ang Lungsod (DPH) ng $8.00 kada oras para sa bawat oras na inyong trabaho, hanggang sa 40 oras o $320 kada linggo.

**II.** Kung hindi kayo naninirahan sa San Francisco at hindi nagtatrabaho sa San Francisco, sa San Francisco International Airport, o sa San Bruno Jail, ang inyong employer ay dapat:

A. Mag-alok ng pagsakop ng pangkalusugan na tumutugon sa Pinakamaliit na mga Pamantayan (Minimum Standards) na nagsisimula sa unang araw ng buwan kasunod ng 30 araw ng kalendaryo pagkatapos ng inyong unang araw ng trabaho*; **O**

B. Para sa bawat buwan na kung saan kayo ay may katamtaman na kahit na 20 oras ng trabaho kada linggo, bayaran kayo ng $8.00 kada oras para sa bawat oras na inyong trabaho, hanggang sa 40 oras o $320 kada linggo, upang makakuha kayo ng pagsakop ng segurong pangkalusugan sa inyong sarili.

***Ipinapaalala na ang inyong employer ay dapat mag-alok ng kahit na isang plano na hindi nag-aatas sa inyo na magbigay ng kontribusyon ng anumang halaga tungkol sa halaga ng premium para sa pagsakop ng planong pangkalusugan para sa inyong sarili.***

**PAGKALIBRE MULA SA PAGSAKOP**

Ang ilang mga kategorya ng mga empleyado, kabilang ngunit hindi limitado sa mga estudyante, nagsasanay, at mga empleyado ng mga employer sa ilalim ng mga pangangailangan ng Umiiral na Pasahod (Prevailing Wage), ay hindi saklaw sa ilalim ng HCAO.

**PAGBABAWAL NG PAGGANTI**

Ang iyong employer ay hindi maaaring gumanti laban sa iyo o sa anumang ibang empleyado dahil sa pagtatangkang matuto nang higit pa tungkol sa HCAO o sa paggamit ng iyong mga karapatan sa ilalim ng batas. Kung naniniwala kang ikaw ay nakaranas ng diskriminasyon o ginantihan dahil sa pagtatanong tungkol sa o paggamit ng iyong mga karapatan sa ilalim ng HCAO, makipag-ugnayan sa OLSE upang magsampa ng reklamo.

Huwag lumagda sa dokumentong ito hanggang lubos na ninyong nauunawaan ang inyong mga karapatan sa ilalim ng batas na ito. Kung mayroong anumang mga tanong tungkol sa mga responsibilidad ng inyong employer o sa inyong mga karapatan sa ilalim ng Ordinansang ito, mangyaring makipag-ugnayan sa OLSE sa (415) 554-7903 o hcao@sfgov.org.

______________________________________________

Pangalan ng Empleyado　　　　　　　　　　　　Petsa

______________________________________________

Lagda ng Empleyado

*Para sa kumpletong kopya ng Ordinansa ng Pananagutan sa Pangangalagang Pangkalusugan (Health Care Accountability Ordinance) o ng Pinakamaliit na mga Pamantayan (Minimum Standards), bumisita sa www.sf.gov/olse-hcao*